



Paratransit at COVID-19

Ang mga kumpanya ng paratransit ay nagkakaloob ng mahalagang serbisyo sa mga taong may mga kapansanan. Ang pagpapanatili ng kaligtasan sa pampublikong transportasyon sa panahon ng pandemya ay napakahalaga para sa populasyong ito.

Narito ang ilang inirerekomendang gawi upang makatulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19 para sa mga sumasakay, nagmamaneho at tauhan ng paratransit:

- Magsuot ng naaangkop na pantakip sa mukha na inirerekomenda ng CDC. Kung ikaw ay binigyan ng iksemsyon sa pagsusuot ng pantakip sa mukha, hinihikayat ka naming magsulot ng mga face shield na may telang pantakip sa ilalim nito, kung posible. Itanong sa iyong doktor kung ikaw ay may iksemsyon.
- Magpanatili ng 6 na talampakang pisikal na distansya sa tuwing posible
- Hugasan ang iyong mga kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig ng hindi bababa sa 20 segundo, lalo na pagkagaling sa banyo; bago kumain; at pagkatapos suminga, umubo, o bumahing. Gumamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alkohol kung walang sabon at tubig.
- Takpan ang iyong pag-ubo o pagbahing gamit ang tisyu, pagkatapos ay itapon ang tisyu sa basurahan at hugasan ang iyong mga kamay.
- Iwasan ang paghipo sa iyong bibig, ilong, at mga mata sa pamamagitan ng mga hindi nahugasang kamay para maiwasan ang paglipat ng mga mikrobyo.
- Manatili sa bahay kapag ikaw ay may sakit at iwasan ang paglapit sa iba.
- Kung sa tingin mo ay marumi ang ibaba sa bus/van, hinihikayat ka naming ipaalam sa nagmamaneho at hilingin sa kanilang i-disinfect ito para sa iyo.

Mga nagmamaneho at tauhan ng paratransit:

- Lubos na hinihikayat na gawin ang [pagsiyasat sa mga sintomas](#) bago sumakay ang mga empleyado at sumasakay sa van.
- Maaaring maging kasama sa pisikal na pagdidistansya sa shuttle ang pagbawas ng kapasidad ng shuttle.
- Dapat maging kasama sa proseso ng paglilinis ng bus ang lubos na paglilinis, na may espesyal na atensyon na ibinibigay sa pagpupunas sa mga madalas na nahahawakang lugar gamit ang disinfectant:
 - mga hawakan ng pinto
 - mga bandarilya
 - mga upuan at sandalan ng braso
 - mga bintana
 - Dapat sanayin ang mga empleyadong agad na iulat at tugunan ang mga kalat sa sasakyan

Dapat sundin ng mga nagmamaneho at tauhan ang mga direktiba ng kanilang kumpanya pagdating sa pagtulong sa mga pasaherong sumakay at bumaba ng sasakyan. Dapat sundin ng mga nagmamaneho



**Alameda County Health Care Services Agency
Public Health Department**
www.acphd.org

Colleen Chawla, Director
Kimi Watkins-Tartt, Director
Nicholas Moss, MD, Interim Health Officer

Public Health Department: Main Line (510) 267-8000

COVID-19 Information: (510) 268-2101

ang mga direktiba ng kumpanya tungkol sa pag-uulat sa mga kaso ng COVID sa mga tauhan at tugunan ang anumang mga isyu sa kanilang mga superbisor.

Saan makakahanap ng higit pang impormasyon:

East Bay Paratransit: <https://eastbayparatransit.org/emergency-resources.htm>

Nelson Nygaard Paratransit service: <https://nelsonnygaard.com/paratransit-service-during-covid-19-serving-people-with-disabilities-seniors-may-require-different-solutions-than-fixed-route-transit-service/>

Ahensya ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Services Agency) ng County ng Alameda, Pagtugon sa COVID: <https://covid-19.acgov.org/index.page>

Pondo sa mga Karapatan sa Kapansanan at Depensa sa Edukasyon (Disability Rights & Education Defense Fund, DREDF.org) -- <https://dredf.org/wp-content/uploads/2020/03/Rear-Door-COVID-Policy-Disability-Recommendations-033020-FINAL.pdf>

Mga Pantakip sa Mukha ayon sa Mga Sentro ng Pagkontrol sa Sakit (CDC, Centers for Disease Control):
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prevent-getting-sick/about-face-coverings.html>